

Varayti ng Wika sa Lupaing Walang Lupa
(Language Variety in The Land Without Dry Soil)

Aurora E. Batnag

Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino
au@batnag.org

ABSTRAK

Ang sosyolinggwistikong papel na ito ay pagtalakay sa varayti ng wika sa Malabon, Metro Manila, batay sa karanasan ng isang taal na tagaroon. Saklaw ng papel ang pahapyaw na pagtalakay sa kasaysayan ng Malabon bilang lunsaran ng pagpapaliwanag hinggil sa mga katangi-tanging salitang ginagamit ng mga tagaroon sa pagkain, pantukoy, pang-uri atbp., na iba sa iba pang lungsod ng Metro Manila.

Mga Susing Salita: varayti ng wika, Malabon, Tagalog, pagkaing Pilipino, sosyolinggwistika

~~~

**ABSTRACT**

*This sociolinguistic paper is a discussion on the language variety in Malabon, Metro Manila, based on the experiences of a native, long-time resident. The paper covers a brief discussion on Malabon's history as a springboard for explaining the uniqueness of words used by its citizens, especially in naming food items, using prepositions, pronouns etc., in contrast with those used by citizens of other cities in Metro Manila.*

**Keywords:** language variety, Malabon, Tagalog, Filipino food, sociolinguistics

~~~

Panimula

Kapag nasa Malabon, ang salitang ito: SULONG ay binabasa/binibigkas na LUSONG!

Ang artikulong ito ay tungkol sa isang varayti ng wikang Filipino/Tagalog sa bayang kalapit lamang ng Maynila. Noong munting bata pa ako, inisip kong ang wika sa Malabon ang standard variety dahil malapit lamang ang bayan namin sa Maynila, ang sentro ng gobyerno, edukasyon, at kalakal.

Lumaki ako (at tumanda) sa Malabon na buong giliw kong tinatawag na “lupaing walang lupa.” Kasi, kapag baha ang pinag-uusapan, Malabon ang unang pumapasok sa isip ng marami. Minsang may malakas na bagyo, may nagbalita sa radyo: “Malabon is now 60% underwater.” Excuse me. Malabon is 60% water. Walang bahay sa Malabon na hindi malapit sa palaisdaan, ilog, sapa, kanal, at iba pang katubigan.

Isang matandang bayan ang Malabon na itinatag ng mga paring Agustino noong Mayo 21, 1599 (City Government of Malabon, c.2017). Sa katunayan, sinasabing ito ang Malabon na tinukoy ni Kapitan Tiago sa Noli me Tangere na pagbabakasyunan sana ni Maria Clara. Nabanggit din ito sa kasaysayan dahil dito sana idaraos ang Unang Sigaw noong kapistahan ni San Bartolome (Agosto 24) pero nalipat ng lugar at naging Balintawak o Pugadlawin na hanggang ngayon ay pinagtatalunan pa ng mga historyador (Guerrero et al., 2003; Chua, 2015; at Banlaw Kasaysayan, 2012).

Maliit lamang ang Malabon. Pero sino ang hindi nakakakilala sa lugar na ito, na sikat sa mga pagkaing dinarayo ng marami, tulad ng Pansit Malabon, sapin-sapin, tinapang bangus, patis, at iba pa. Mayroon ding ilang sikat na taga-Malabon, tulad ng makatang si Ildefonso Santos. Sino ang hindi nakakaalam kung nasaan ang EDSA? Pero alam ba ninyo na tubong Malabon ang bayaning nagbigay ng ngalan sa mahabang lansangang ito - si Epifanio de los Santos?

Malapit lamang sa Maynila ang Malabon. Kaya maiisip na ang wika rito ay tulad din lamang ng wikang gamit sa Maynila. Pero may mga salita sa Malabon na uniko sa bayang ito.

Varayti ng Wika

Mahalaga ang bawat isa sa 186 wika (o higit pa) sa Pilipinas. Mahalaga ring pag-aralan ang varayti ng bawat wikang ito. Ano ba ang varayti ng wika? Ito ay ibang anyo ng isang wika, na maaaring naiiba sa bigkas, pagkakabuo ng salita, o maging sa paghahanay ng mga salita para makabuo ng pangungusap. Nagkakaintindihan sa wikang Tagalog/Filipino ang mga taga-Cavite at Batangas at ang mga taga-Nueva Ecija at Bulacan, kahit nagkakaiba ang mga ito sa bigkas at bokabularyo.

Pero makikilala natin ang lugar na pinagmulan ng isang Tagalog kapag ibinuka na niya ang bibig para magsalita – lalabas na ang mga katangian ng kanyang lugar sa pagbigkas, pagbubuo ng salita, pagbubuo ng pangungusap. Sinasabi na kapag namatay ang isang wika, o kahit ang isang diyalekto ng wikang ito, kasama nitong nalilibing ang kulturang tanging angkin nito. Pero ngayon, hindi na maiiwasan ang paisa-isang pagkamatay ng wika dahil sa mabilisang komunikasyon, paglalakbay, at pandarayuhan. May tendensi kasi na impluwensiyahan, kundi man lamunin ng wikang

mas gamitin, ang wikang mas kakaunti ang nagsasalita. Mahalaga, kung gayon, ang pagtatala ng mga varayti ng wika bago ito tuluyang maglaho sa daigdig. Ang sosyolinggwistikong papel na ito ay pagtalakay sa varayti ng wika sa Malabon, Metro Manila, batay sa karanasan ng isang taal na tagaroon.

Bigkas

Simulan natin sa pagbigkas. Alam ba ninyo na kahit kilala ang Malabon sa palaisdaan at patis, noong bata ako ay walang isDa sa Malabon? Ito ay dahil isTa ang tawag namin noon. Ista at iklog. Sabi ng titser ko noong greyd wan, mali raw ang isTa at iklog. IsDa at iTlog daw ang tama. Siyempre, dahil ganoon ang nakasaad sa libro, kaming magkakaklase ay madali namang napasunod. Kapag naiiba ang bigkas mo, ikaw na ang kusang magwawasto sa sarili. Kaya ang isTa ay naging estandardisadong isDa at ang iklog ay naging itlog. Pati mga magulang namin ay nasuheto ang mga dilang pasaway. Ngayon, wala ka nang maririnig na ista at iklog sa Malabon.

Iba pang mga salita. Sabi ng isang kaibigan ko, mali ang tawag sa longganisang Lucban at longganisang Vigan dahil maikli ang mga ito (hindi long, o mahaba). Dapat daw ay SHORTganisa. Sa Malabon, hindi problema mahaba man o maikli iyan dahil ang tawag sa amin ay LANGGUNESA. Ngayon, siguro, bilang pakikiisa sa tawag ng iba, langgonisa na ang naririnig kong bigkas, maging sa aming pamilya.

Minsan, nang umuwi ako at mamili sa Bisita (walang talipapa sa Malabon. Bisita ang tawag naming mga taal na taga-Malabon sa maliit na palengke sa tapat ng Simbahan ng Concepcion), pagbilhan kako ng isang kilong HARINA. Matalim ang tingin sa akin ng nagtitinda, bago sinabihan ang katulong niya: “HarEna daw dito, harEna, harEna.” Naramdaman kong iwinawasto niya ako, isang tubong Malabon, pero nagsasalitang parang dayuhan sa sariling bayan. Kaya pabulong na lang akong sumagot, “Ay, harEna nga pala.”

Nasa ibaba ang ilan pang halimbawa ng malamyang bigkas ng salita sa Malabon:

1. Pakeleng. Pakiling sa iba, tinatawag ding isis. Ito ang tawag sa puno at sa dahon nito na ginagamit noong pangkaskas ng hagdan at pasamano ng mga bintana para paputiin. Noong bata ako, may puno kami ng pakeleng sa tabi ng bakod, kaya naging isa sa mga libangan ko ang pagpapaputi ng aming mga pasamano at hagdan, gamit ang pakeleng, habang nag-iisip ng isusulat na kuwento o sanaysay.

2. Késamé. Kisame sa iba.

3. Mósikó. Ito iyong tumutugtog sa mga banda. Musiko o musikero sa iba. Kapag malapit na ang piyesta at sa mismong mga araw ng piyesta (Disyembre 8-10

ang pagdiriwang namin noon), nananapatan ang mga mosiko sa mga bahay-bahay, katumbas ng caroling ngayon pag magpapasko.

4. Bótse. Mabagal ang bigkas. Butsí sa iba. Ito ay kakaning gawa sa galapong na pinalamanan ng minatamis na munggo. Kapag ang ibig tukuyin ay sikmura ng manok at iba pang hayop, butsé (mabilis) naman ang bigkas. Halimbawa: Ano ba'ng ipinagpuputok ng butsé mo?

5. Setaw. Sitaw sa iba.

Mga Ngalan ng Pagkain

Sa mga mahilig sa turon, ito raw ang pambansang himagas. Sa Maynila at iba pang lugar, ito ay saging na saba na ibinalot sa balat ng lumpiya saka ipinrito. Binubudburan pa ito ng asukal para lalong sumarap dahil ang nag-arnibal na asukal ay nagdadagdag ng lutong sa turon.

Pero sa amin sa Malabon, hindi saging kundi minatamis na munggo (violet o pula, hindi berde o dilaw) ang palaman ng turon. Ilalaga muna ang munggo at pag malambot na ay pakukuluan sa asukal hanggang medyo matuyo. Saka ito ibabalot sa balat ng lumpiya at ipiprito.

Alam kong sa Malabon, iba ang turon. Hindi saging kundi munggo ang palaman. Pero dahil matagal na akong nandayuhan sa Maynila at Quezon City, nasanay na rin ako sa tawag na turon kapag saging ang palaman.

Minsan, sa Bisita sa Malabon, nilapitan ko ang nagpiprito ng turon at nagsabing “Pabili ng turon.” Nabigla ako sa sagot niya: Wala akong tindang turon.” Hayan o, sasabihin ko sana, pero agad ko namang naiwasto ang sarili: “Ay, balensya nga pala. Pagbilhan ng balensya.”

Balensya. Hindi ko nga rin alam kung ito ang tamang baybay. Hindi ko kasi ito nakitang nakasulat. Laging kalahok sa usapan ng pagkaing pangmeryenda, paborito ng marami, pero hindi nakasulat. Walang menu ang mga karinderya sa Malabon. Balensya ba o balensiya? Baka naman Valencia. Sa Kastila, pareho lamang ang bigkas sa /b/ at /v/.

Noon, maraming pagkaing mabibili paglabas mo ng bahay. Kapag panahon ng mais, tabi-tabi halos ang mga nag-iihaw ng mais sa mga kalye. May kapitbahay kaming nagtitingi ng tubó kapag panahon nito. Sa halagang singko o diyes sentimos (ancient history na kasi ito), makakabili ka na ng tubóng binalatan at pinagtilad-tilad para madaling pangusin. Exercise daw ng gilagid. Maraming naglalako ng lutong pagkain. Nilagang kamote at saging. Paros. Icedrop. Doughnut. Maririnig silang isinisigaw ang mga paninda upang tumawag ng pansin. “Balensya, turon.” May tono pa ang pagsigaw.

Magkasama mang inilalako ang balensya at turon, madaling makilala ang pagkakaiba ng dalawa: maliit at bilog ang pagkakabilot ng turon (parang lumpiyang shanghai), mas malaki naman at kadalasa'y lapad ang balensya.

Iba pang Ngalan ng Pagkain

Ayon sa yumaong food guru na si Doreen Fernandez, sa Malabon lamang makakabili ng lukbâ. Tapang kabayo ito, hiniwang manipis, at tinimplahan. Ayon sa mga kuwento noon, mga kabayong natalo sa karera ang ginagawang lukba. Pero parang unti-unti nang naglalaho ang tawag na ito. Minsang naghanap ako ng lukba sa Bisita, isang kabataang tindera (mukhang bagong salta) ang nagsabing wala siyang alam na lukba. Pero mayroon daw silang tindang “tapang kabayo.”

Sa mga kainan sa Maynila at iba pang lugar, may dalawang klase ng lumpiya: fresh o sariwa at prito o fried. Sa Malabon, kapag sinabi mong lumpiya, iisa lang ang kahulugan: sariwa, hindi prito. Kapag prito, sumpiya ang tawag.

Kaya huwag magkamali ng order. Kung fried lumpiya, sumpiya ang tamang tawag.

Iba't ibang klase ang ginatan. Ginatang munggo, ginatang mais, ginatang halo-halo. Sa Malabon, ang ginatang halo-halo ay tinatawag na alpahor. Alpahol sa ibang lugar. Ang palitaw naman ay tinatawag na dila-dila.

Mga Pang-uri

May mga salitang naririnig ko sa matatanda noong bata pa ako, na ngayon ay hindi na yata ginagamit. Sino pa ang nakakaalam sa mga salitang ito:

1. sakre (sakri daw sa Cavite, ayon sa gurong taga-Cavite na si Joel Malabanan, hindi na rin halos ginagamit sa kanila) - nangangahulugan itong ganid, suwapang.
2. banal banayod – nagpapanggap lamang na banal
3. duwakang – nuno ng duwag, sobrang duwag, mas duwag pa sa duwag.

Ngayon, alam na ninyo kung anong pang-uri ang ikakapit sa isang kilala na natin na sobrang duwag.

Mga Pantukoy

Ayon sa Balarila, ang maramihang pantukoy ay KINA, NINA, SINA. Halimbawa: Papunta ako kina Pedro at Andres nang masalubong ko sina Rosa at Anton dala-dala ang alagang manok nina Pablo at Jose. Sa Malabon, iyan ay KILA Pedro at Andres,

SILA Rosa at Anton, NILA Pablo at Jose. Pero gaya ng nasabi ko na, kapag nasa labas ka ng iyong comfort zone, kusa mong ibabagay ang iyong dila sa sinasabing wasto. Kaya kapag nagsusulat ako, hindi ko ginagamit ang varayti ng mga pantukoy na gamit namin sa Malabon.

Ang o Si? Ang Pangulong Duterte o Si Pangulong Duterte. Ang Inay o si Inay?

Sa Malabon, nakagisnan ko nang gamitin ang ANG nanay, ANG tatay, NG nanay, NG tatay. Sa ibang lugar, maraming gumagamit ng SI nanay, SI tatay. Sa mga teksbuk, mas gamitin ang SI nanay, SI tatay.

Nang dumalo ako noong 2016 sa presentasyon ng mga saliksik ng mga estudyante ni Dr. Ricardo Nolasco ng Unibersidad ng Pilipinas, isang estudyante niya ang nagpaliwanag kaugnay ng paggamit ng ANG, NG, SA (kasunod ang pangngalan) at SI, NI, NG. Sa kanyang obserbasyon, kapwa ginagamit ang mga ito, at hindi masasabing ang isa ay mali samantalang ang isa pa ay tama. May pagkakaiba lamang sa ganitong paraan: feeling close daw, may intimacy kapag ang sinabi ay SI Inay. Kapag ANG Inay, ANG tatay, higit daw ang paggalang kaysa sa pagiging close. Kung gayon, mas magalang pala ang mga taga-Malabon kaysa sa ibang tagagamit ng wika!

Sa ganito ring paraan ko ipinaliwanag kung bakit TAMA ang Unibersidad NG Santo Tomas, sa halip na Unibersidad NI Santo Tomas (sa isang post sa Facebook may dalawang taon na ang nakararaan). May mga nagtatanong kung bakit hindi NI ang gamitin, sapagkat tao si Santo Tomas. Mas angkop daw ang NG kapag bagay ang tinutukoy. Ngunit gaya ng nasabi na, angkop pa rin ang NG kasunod ang pantanging ngalan – kung mas may paggalang kaysa pagiging malapit ang relasyon. Sapagkat santo ANG Santo Tomas, higit na paggalang ang ibig ipahayag sa paggamit ng NG – kaya, Unibersidad NG Santo Tomas.

Pagsunod sa Standard

Gaya ng nasabi na, itinuturing na mali ka kapag naiiba sa itinuturing na standard ang iyong bigkas o pagpili ng salita. Kaya nakakalungkot na unti-unti nang nawawala ang mga salitang nabanggit ko, dahil parang nakakahiya kapag hindi ka sumunod sa wasto. Sa gayon ay namamatay na ang mga varayti at ang natitira na lang ay ang standard variety. Hindi na kilala ng mga millennial ang pang-isis na dahon ng pakeleng dahil hindi na iniisis ang mga pasamano at hagdan ngayon. Pero minsan, naiisip ko ring mas masarap yata ang adobong sEtaw ng nanay ko kaysa sa adobong sItaw ko ngayon. Gayon man, nakasilip ako ng pag-asa, na hindi pa naman lubusang namamatay ang varayti ng wika sa lupaing walang lupa nang marinig ko kamakailan lamang ang mga salitang IYELO, IYERO at IBUBONG.

Sulong at Lusong

Muli, pabiro ngunit kung minsa'y totoo: sa Malabon ang salitang SULONG ay binibigkas na LUSONG.

Ang totoo, magkaugnay ang sulong at lusong dahil kapwa bahagi ng isang proseso. Alin ang dapat mauna, sulong o lusong? Lusong, siyempre, na nangangahulugang (mula sa Diksiyunaryo ng Wikang Filipino ng Komisyon sa Wikang Filipino):

1. Pagbaba buhat sa kinalalagyan
2. Pagpasok sa gawain o sa anumang hanapbuhay
3. Pagpasok at pagpapasimula ng paggumon sa anumang bisyo o sa masamang hilig ng katawan
4. Pagbaba o paglawit ng mga bunga ng mga halamang palapa

Samantala ang sulong ay:

1. Lakad, takbo, o anumang kilos na ang tungo ay sa unahan
2. Pagpapatuloy ng anumang ginagawa

Samakatuwid, kailangan munang lumusong para sumulong. Ang lusong ay iniuugnay rin sa pagbaba patungo sa tubig. Kaugnay nito ang paliwanag tungkol sa pinagmulan ng salitang Tagalog. Taliwas sa pinaniniwalaan ng marami, ang Tagalog ay hindi nagmula sa Taga-+ilog, kundi sa Taga-+alog, na ang alog ay nangangahulugang pook na ang ilog, sapa, o labak ay maaaring tawirin sa pamamagitan ng paglulunoy o paglakad sa tubig.

Ngunit may isang kahulugan pa ang lusong na hindi na alam ng mga kabataan o kahit ng mga katandaan sa ngayon. Ito ay : paggawa nang walang upa. Naririnig ko ito noong munting bata pa ako kapag ang tatay kong karpintero ay natawag na magkumpuni ng bahay ng iba: “May PALUSONG ang kumpare ko.” Ibig sabihin, siya at ang mga kasama niya, ay magtatrabaho nang may libreng tanghalian pero walang bayad.

Isa sa mga adbokasiya ng PSLLF ay pagbibigay ng mga libreng seminar, mga PALUSONG para sa mga guro ng Filipino, paghikayat sa lahat sa paglusong tungo sa pagsulong ng Wikang Filipino.

MGA SANGGUNIAN:

Banlaw Kasaysayan. 2012. "San Bartolome at ang Unang Sigaw!" <http://katonynabanlawkasaysayan.blogspot.com/2012/08/si-san-bartolome-at-ang-unang-sigaw.html>

Cena, Resty Mendoza. 2012. *Sintaks ng Filipino*. Pambansang Samahan para sa Kultura at mga Sining, Maynila.

Cena, Resty Mendoza at Ricardo Ma. Duran Nolasco. 2011. *Gramatikang Filipino: Balangkas*. University of the Philippines Press, Lungsod Quezon.

Chua, Xiao. 2015. "BALINTAWAK DIARIES: Ang mga unang araw ng himagsikan batay sa mga Katipon at historyador." *GMA News Online*. <http://www.gmanetwork.com/news/opinion/content/534099/ang-mga-unang-araw-ng-himagsikan-batay-sa-mga-katipon-at-historyador/story/>

City Government of Malabon. c.2017. "History of Malabon." <http://malabon.gov.ph/history/>

Guerrero, Milagros et al. 2003. "In Focus: Balintawak: The Cry for a Nationwide Revolution." <http://ncca.gov.ph/about-culture-and-arts/in-focus/balintawak-the-cry-for-a-nationwide-revolution/>

Komisyon sa Wikang Filipino. 1998. *Diksyunaryo ng Wikang Filipino: Sentinyal Edisyon*. Maynila.

Malicsi, Jonathan. 2013. *Grammar ng Filipino*. UPD Sentro ng Wikang Filipino, Lungsod Quezon.

Santiago, Alfonso O. at Tiangco, Norma G. 1991. *Makabagong Balarilang Filipino*. Ikatlong Edisyon. Rex Book Store, Maynila.

Schachter, Paul at Otaño, Fe. 1972. *Tagalog Reference Grammar*. University of California Press, Los Angeles.

Tungkol sa may-akda:**AURORA E. BATNAG**

Dating Direktor III sa Komisyon sa Wikang Filipino. Nagtapos siya ng doktorado sa linggwistika sa Philippine Normal University at ng Advanced Certificate Course in Translation sa Regional Language Centre sa Singapore. Ang kanyang master's thesis ay tungkol sa pagsasalin sa Ingles ng dalawang maikling kuwentong orihinal na nakasulat sa Filipino ("Malalim ang Gabi" ni Ponciano B. P. Pineda at "Impeng Negro" ni Rogelio Sikat), samantalang ang kanyang disertasyon ay tungkol naman sa pagbubuo

ng teorya sa pagsasalin at paglalapat nito sa mga piling tulang Africano. Nagtamo siya ng mga gantimpala sa pagsulat ng maikling kuwentong pambata at nakapagpalathala ng mga pag-aaral na pangwika. Marami na siyang nalathalang pampanitikang salin, kabilang ang *Si Alice sa Daigdig ng Hiwaga* (*Alice in Wonderland* ni Lewis Carroll), *Takipsilim sa Djakarta* (*Twilight in Djakarta* ni Mochtar Lubis), *Tatsulok na Daigdig* (*A Three-Cornered World* ni Soseki) at iba pa. Ko-awtor /ko-editor siya ng mga aklat sa pagsasalin: *Patnubay sa Pagsasalin*, *Teksbuk sa Pagsasalin*, at *Pagsasalin: Teorya at Praktika*. Ko-awtor ng *Sayusay: Sining ng Mabisang Pagpapahayag*. Nagturo siya ng mga kursong gradwado sa University of the East, Philippine Normal University at De La Salle University, at isa rin sa mga tagapayo ng Departamento ng Filipino ng DLSU. Siya ay pangulo ng dating Samahan ng mga Tagasalin (SALIN), konsultant ng Pambansang Asosasyon ng mga Tagapagtaguyod ng Salin (PATAS) at past president ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF).